# Gabay sa Mga Council – Pamamahala ng basura

Bilang isang lipunan,lumilikhya tayo ng hindi biru-birong dami ng basura na dapat pamahalaan nang wasto upang mabawasan ang mga panganib sa kalusugan ng publiko at sa kapaligiran. May masigasig na papel ang mga council sa pamamahala ng basura sa pamamagitan ng mga serbisyo sa pagtatapon ng basura at pagreresiklo. Pinamamahalaan din nila ang pagtatapon ng basura ng mga tao at mga organisasyon sa munisipalidad.

Bukod sa pagbibigay ng mga serbisyo at regulasyon sa basura, ang council ay madalas magbigay ng payo at edukasyon para matulungan at mahikayat ang mga tao upang itapon/iresiklo ang kanilang basura nang responsable.

Maaaring makita at ikumpara ang pagganap ng bawat council para sa Koleksyon ng Basura sa Compare Councils section sa website na ito. Upang gawin ito, piliin ang icon ng lugar ng serbisyo, piliin ang iyong council mula sa filter na ito, pagkatapos ay gamitin ang checkbox para pumili ng tatlong karagdagang katulad na mga council mula sa listahan para maihambing.

## Mga serbisyo ng basura

Ang mga council ay nagbibigay ng iba-ibang mga serbisyo sa pagtatapon at pagreresiklo ng basura para sa kanilang mga komunidad. Ang ilang mga serbisyo, tulad ng pangongolekta at pagtatapon ng pangkalahatang basura sa bahay, ay karaniwan sa lahat ng mga council. Maraming iba pang mga serbisyo ang magkakaiba, depende sa mga pangangailangan at mga prayoridad ng mga kaugnay na mga komunidad.

Makipag-ugnayan sa inyong council upang alamin ang tungkol sa partikular na mga serbisyo sa pagtatapon ng basura at pagreresiklo na ibinibigay sa inyong lugar.

- Maaaring kasama sa partikular na mga sebisyo sa basura na ibinibigay ng mga council ang:Kerbside na g pangongolekta at pagtatapon ng pangkalahatang basura sa kabahayan
- mga pangongolekta ng matitigas na basura (hard rubbish)
- mga serbisyo na pagreresiklo sa gilid ng daan na maaaring kabilangan ng mga basurang papel, baso, plastik at metal
- mga serbisyo sa gilid ng daan na pangongolekta ng mga organiko mula sa hardin o mga serbisyo sa gilid ng daan na mga organikong pagkain (mula sa kusina) at mga organiko mula sa hardin
- pagdadala ng mga bagay sa isang itinakdang lugar (drop off) para sa pagtatapon at/o pagreresiklo ng iba pang tiyak na mga uri ng mga gamit kabilang ang mga metal, kemikal, langis, e-waste, papel, karton, mga organiko sa hardin o gamit nang mga cartridge ng printer
- operasyon ng mga resource recovery centre/transfer stations para sa mga serbisyo sa pagtatapon at pagreresiklo
- operasyon ng mga tambakan ng basura (landfill) para sa pagtatapon ng basura
- operasyon ng mga tindahan sa pagbebentang-muli ng mga sinalbang mga materyales
- mga serbisyo ng komersyal na pagtatapon ng basura sa partikular na mga kalagayan

- serbisyo para sa edukasyon ng komunidad tungkol sa basura, pagkuha ng mga mahahalagang materya na magagamit muli o ma-reresiklo at pagkalat
- probisyon at pagseserbisyo ng mga basurahang pampubliko para sa pangongolekta ng basura at pagreresiklo.

Ang paraan ng pagbibigay ng mga serbisyong ito ay maaaring magkakaiba sa mga lugar. Habang ang mga serbisyo ng basura sa kabahayan ay kadalasang may kinalaman sa probisyon at regular na pagtatapon ng mga basura, sa ilang lugar ang basura sa kabahayan ay maaaring idispatsa sa sentro ng pag-recover ng pagkukunan/ mga estasyon sa paglilipat. Gayundin, ang mga serbisyo sa pagreresiklo ay maaaring ibigay sa pamamagitan ng koleksyon mula sa mga indibidwal na mga basurahan sa kabahayan o sa mga sentro ng pag-recover sa resource/mga estasyon ng paglilipat o o depot sa munisipyo.

Maraming council ang nagpapataw ng singil sa basura bilang bahagi ng sistema ng rate. Ito ay maaaring mag-iba depende sa laki ng basurahang ibinigay.

## Regulasyon ng basura

Ang mga council ay gumagawa at nagpapatupad din ng mga lokal na batas upang pamahalaan ang pagtatapon ng basura sa kanilang lugar pati na rin sa pamamahala sa ilang mga aktibidad sa ilalim ng mga batas sa estado ng Victorian, kabilang ang:

- pagtatapon ng mga mapanganib na pollutant tulad ng asbesto
- mga sistema ng domestikong basurang tubig (pusali)
- pagkakalat
- pagsunog at paggamit ng insinerador
- wastong paggamit ng mga serbisyo ng council sa pagtatapon ng basura.

Para sa karagdagang impormasyon makipag-usap sa iyong council o Awtoridad ng Pangangalaga sa Kapaligiran (EPA).

- Kung kailangan mo ng tulong, kontakin lamang ang Serbisyo sa Pagsasalinwika at Pag-iinterprete Service (TIS) para sa tulong sa pagsasalin at pagpapaliwanag sa wika
- Kontakin ang TIS National sa 131 450 (sa Australya) o bisitahin ang www.tisnational.gov.au